# KAPASIYAHAN BLG. 2023-18

**"NAGGAGAWAD O NAGBIBIGAY PAGKILALA SA MALAWAK RICE FARMERS ASSOCIATION DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan**

---

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatatag at pagpapatakbo ng mga non-governmental organization upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T,** noong ika-15 ng Hunyo 2022 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2022-083 na nauukol sa "*Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies*";

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa nasabing Memorandum Circular 2022-083 ay maaaring bigyang pagkilala o recognition ang mga samahan kahit na ito ay may mga kulang na dokumento.

**SAPAGKAT,** isa sa mga tungkulin ng Sangguniang Bayan ay bigyang lakas at tinig ang partisipasyon ng mamamayan sa Pamahalaan.

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagpupulong ay minarapat ng mga Kasangguning dumalo na bigyan ng Sertipiko ng Pagkilala ang lahat ng mga Organisasyong Di-Pampamahalaan (Non-Governmental Oranizations) na hindi pa nabibigyan ng Sertipiko ng Akreditasyon.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan o gawaran ng pagkilala ang Malawak Rice Farmers Association dito sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-30 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-30 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim